# Gabay sa Past Life Reincarnation

Nabuhay na tayo dati. Tinatawag ang mga buhay na ito bilang mga reincarnation. Paulit-ulit tayong nabubuhay hanggang umabot sa limit ng mga buhay na mayroon tayo bilang isang nilalang. Iba iba ang limit ng mga buhay ng mga nilalang at kung umabot na dito ay titimbangin ang lahat ng buhay nila sa Kabutihan at kasamaan para husgahan at malaman saan sila ilalagay para sa walang hanggang buhay bilang spirito.

Sa mga past lives natin, namuhay tayo bilang iba ibang tao. Lalake o babae, mahirap o mayaman, iba't ibang lahi, samu't saring kulay ng balat, iba't ibang mga bansa. Minsan normal ang ating mga katawan at sa iba naman ay may kapansanan. Minsan malas, minsan swerte. Lahat ng mga buhay natin ay konektado at ang mga kasalukuyang buhay natin ay maaaring nadetermina sa kung ano nga ang ginawa natin sa mga nakaraang buhay natin.

Para matuklasan ang katotohanan sa reincarnation, magmeditate ka sa turo kong FREE 3rd Eye Meditation kada Sabado ng mga 10 am banda LIVE sa mga social media platforms ko. Pwede ka sumali ng live o gumamit ng replay. Ipagdasal mo lang palagi sa kada session na ipakita sa yo ang mga past life reincarnations mo para mas maunawaan mo bakit ganiyan ang buhay mo sa ngayon. "Lord sana ipakita mo sa akin ang katotohanan sa aking mga past life reincarnation." Pwedeng ganyan o kahalintulad ang dasal mo.

Mas maganda din ay magpatuloy ka sa kabanalan. Mag-iwas ka sa mga bisyo at magsulat ka sa mga karanasan mo sa meditation, visions at panaginip para mas lalong tumalas ang ala-ala mo sa mga ganitong pangyayari. Hindi sapat na magbasa lang tayo sa mga spiritual na bagay. Kailangan natin itong maranasan. Wag ka lang maniwala sa sinabi kong mayroong reincarnation. Sikapin mong alamin ang mga detayle nito.

Ang pinakamahalagang tandaan natin ay ang lahat ng ginagawa natin dito ay nilista, binilang at tinimbang. Ito ang tinatawag na karma. Sikapin natin na gawin ang mabuti para makaipon tayo ng good karma. Magsisimula ito sa pamamagitan ng ating pagiging aware sa ating sarili at sa epekto ng ating mga desisyon sa ating buhay. Magagawa natin ito sa mindfulness meditation. Tapos natural na magagawa natin ang pamumuhay ayon sa Landas ng Kabanalan. Para sa mas madaming impormasyon sa reincarnation, karma, huling paghusga at iba pang spiritual na konsepto, basahin mo ang Kaliwanagan ng Katotohanan.